

LOSER AT IBA PANG TULA

Lolito Go

LOSER

Nag-unahan pa kaming ibrodkast ang napaagang wakas
 ng aming pag-ibig. At para bang showbiz gimmick,
 nagpagalingan kaming mag-explain in public kung bakit
 walang sakit, walang pait, walang tears
 ang closing ceremony ng aming hit na teleserye.
 Sa Facebook at Twitter winner ang post niya about
 my so-called “mental hernia” at “mental dyspepsia.”
 And while she was busy calling me names, I simply said,
 “the past tense of us is--used.” And it became
 the Facebook status of the century, I suppose.
 Well, ginamit niya lang ako at naki-ride sa magic carpet
 ng aking mga tula. At ginamit ko rin siya para
 sakyan ang ano pa nga ba, katawan niya. And her influence
 bilang diwata ng kilusan, which served me a ticket
 to take a closer peek at the underground station
 at matsansingan ang maseselang mga impormasyon,
 mga mapa at parapernalya, mga pangalan at palayaw,
 ang buong communist masterlist. At iba pang leaks.
 Pero hindi ako intel or asset of any sort ha,
 intelligent lang. Smartass, sabi ng iba. Call me
 an asshole slash collector ng tsismis, kontrobersiya
 at sari-saring salimuot na pansahog sa mga tula
 at nilulutong nobela. Which reminds me sa patutsada niyang:
 yes, you may be good at cooking ideas but you cannot
 fictionalize your hunger any further. Perhaps she’s right.
 Ang buhay ko ay isang walang katapusang hunger strike.

Pero katulad lang din ng kaliwang puwersa, meron akong sariling krusadang isinasabuhay, ikinakampanya.
 And obviously, I'm taking this to the extreme.
 Sining ang aking isasaing at hangin ang aking uulamin.
 But I am not closing the door sakaling mag-offer ng alternative ang future. For example, the possibility of getting published. Pero bago pa iyon, alam kong I have to apply myself more willingly to the demands of capitalist reality. Halimbawa, mag-ahit, magpagupit, makipila sa hilera ng mga nanggigitatang aplikante.
 Napakalawak ng tiwangwang na lote sa aking kukote, wika nga ni Tariman, nangangating mataniman.
 But I refuse to be used for profit, gaya ng gustong mangyari ng mga babaeng nagmahal sa akin, allegedly.
 Lisa lang ang kanilang sinasabi: Kailan ka ba gigising?
 Ok darling, gigising ako, magsesepilyo, maliligo at kakatok sa mga pabrika't opisina bitbit ang biodata na nagtataglay ng aking pangalan, tirahan, taas at timbang, araw at pook ng kapanganakan, pangalan ng mga magulang, kursong hindi tinapos dahil napabisyo nag-eksperimento nanipaklong nanalakitok nanalaginto nanalagubang.
 Ano pa ba ang gusto nilang malaman? Special skills? Languages I speak? Kung alam lang nilang kaya kong magbigti sa buhok kong lagpas tuhod. And that I solve the rubik's cube faster than they could tie their shoes. Walang echos.
 On top of that, I speak Jejemon, Bekimon, pati esperanto.
 Maski litanya sa patay kabisado ko. Ituro mo, at pangangalanan ko ang mga bituin. Pumili ka

at mula sa kuwaho ay babasahin ko ang mga pangitain.
Napakarami ko pang kayang gawin, tanggap na po ba ako?
Kung hindi pa rin boss, it's your major major loss.
Magaling pa naman akong magmasahe at magtimpla ng kape.
And it's her loss as well, ngayong Brecht na kami.
Ngayong Bukowski ko na ang kaniyang natatagong ugali.
By the way, marami pa naman ibang kerida, sabi nga ni Neruda.
At napakarami pa ring puwedeng i-karir Gibran.
Ka-Lorcang babae, napaka-Celan, di naman kagandahan.
Plath na Plath naman ang ilong pati ang boobs.
At ang buhok, sabog sabog parang Lucretius.
Jesus Manuel Santiago, patawarin ako, sa panlilibak
sa iyong anak. Nauna siyang umunday ng pataksil na saksak.

CUT

Binibilibid ko raw ang sarili sa lubid
ng aking buhok. Lalo raw akong nababansot.

Hindi raw tatangkad ang aking mga pangarap.
Sapagkat inaagaw ng kuto ang sustansiyang

para sa buto at sentido. Ilang ulit na niyang tinangkang
ako ay gupitan sa pagtulog. Kung minsan,

nagigising ako mula sa bangungot ng kaniyang
bungangang nagsasagunting, matalim.

Matalinghaga si itay sa aking panaginip.
Wika nya, “ang bungo ay imperpektong

uniberso, napakaraming oripisyo.
Ang buhok ay daang libong

pautang na patuloy sa pagtubo
mula sa langit ng anit. At ang uban ay tahimik

na kidlat, tahimik na protesta ng edad.”
Sa tunay na buhay, hindi makata si itay,

ni hindi niya batid ang kahulugan ng tayutay.
Marahil para sa kaniya, ang tula ay isa lamang

marupok na hibla ng buhok. Manipis
na manipesto ng libog at lungkot.

Isang araw, biniro ko siya: alam mo ba
na tula ang paboritong libangan sa langit

maliban sa sabong at tong-its?
Hindi siya natawa. Ang pagmamakata,

sa palagay niya, ay isang birong hindi maganda.
At ang sinumpaang tungkuling magsulat

ay isang sumpang walang katumbas.
“Mabuti pang naging pansit ang buhok mo

pati balbas. Mabuti pang naging tanso,
mabuti pang naging kuwerdas ng gitara

o bandurya,” ang madalas niyang sumbat.
Subalit hindi kay itay napuputol ang mga pagtutol.

Tumutol ang eskuwela: kumumporme
sa uniporme’t pagpapakete sa estudyante!

Tumutol ang simbahan: gawing ehemplo
si Hesus, maliban sa buhok!

Tumutol ang gobyerno:
gupitin ang terorismo,

ikalaboso ang mga eskandaloso!
Ang kahol ng mga aso: multo! multo! multo!

At ako, direktor at patnugot
ng buhay ko't buhok,

ay hinihintay lang ng lahat
na isigaw ang cut!

at pabayaang umusad
ang isang bagong eksena

na masaya si itay, magaan
ang buhay, karaniwan ang lahat,

malayong-malayo sa taliwas
na tikwas ng pag-aangas.

BASAHAN MO AKO

I

Basahan mo ako
ng kahit ano.

Tula, manipesto, diyalogo.
Mga kuwentong digmaan

nina Cervantes at Homero.
Ang malademonyong mga berso

ni Rushdie. Ang malulutong
na alulong ni Ginsberg.

Anumang meron ka, kahit ano.
Kuwentong imbento, kuwentong

barbero, kuwentong sorbetero.
Huwag ko lang marinig mula sa iyo

ang pagkulo ng digmaan sa iyong katawan.
O ang bulong at alulong ng demonyo

sa iyong mga buto, bungo at kalamnan.
Kumusta na ang mga tulang naglagalag

sa mga poste at dingding, sa bangketa,
sa abenida't eskinita ng kamaynilaan?

Ilarawan mo ang malabitukang ruta
ng iyong pakikibaka. Ang hagupit

ng mata at buntot ng bagyo.
Ikagat mo sa balikat ko

ang pangil ng kapitalismo.
Nang madama ko kahit papaano

ang ngipin ng katanghalian
at ika'y nangangalgigig at gutom,

kumakahol na parang ulol.
Kumakahol na parang ulol!

II

Iligaw mo ako sa laberinto
ng konseptong sosyalismo.

Iligaw mo ako sa bundok
ng himutok at pagmumukmok

ng mga gerilyista. Ilihis
ang usapang herenggilya't

medisina. Mabuti pang ilibot mo ako
sa kusina ng iyong mga alaala:

Gisadong pangako, inadobong biro,
sinampalukang suklam at siphayo.

Subukan mong igala
ang aking haraya

sa malalayong ibayo.
Sa Tigris, ang mga sinaunang tao.

Basahan mo ako ng mga sulat
ni San Pablo kay Timoteo,

ang paglaya ng mga Ebreo
sa Ehipto. Ang ebolusyon ng tao.

Ang mga rebolusyong industriyal,
rebolusyong intelektuwal.

At ang paborito ko: Rebolusyong Ruso.
Bolshevik, Menshevik. Kung bakit

hindi sapat, ayon kay Lenin,
ang simpatya. Hindi sapat.

Hindi sapat ang magtatap.
Hindi sapat ang sumumpa.

III

Ikumpisal mo sa akin ang
iyong nakaraan. Kulayan mo
ng mapupulang katwiran.
Bakit maaga kang nagbuntis
ng hinanakit sa pamahalaan?

Bakit hindi sapat ang matutong umibig?
Bakit kailangang humawak ng karit?

Nagugutom din ba ang mga puso nina Gorky at Trotsky?
Nauuhaw din ba sila sa mga luha't tula ng maiilap na alitaptap?

IV

Nais kong sa iyo marinig ang buod
ng diyalektika ng gutom at libog.

Tunggalian ng mga uri
Tunggalian ng mga ari

Ariin mo ako. Ipatitulo.

V

Napakahaba ng iyong nilakbay
patungo sa aking mga bisig.
Tangay-tangay ng magkapares
mong sandalyas ang mga salaysay
ng semento, aspalto't buhangin.

Itapak mo sa akin
ang mga paang nahapo.
Ipagpag mo sa akin
ang kanilang mga sikreto.

Basahan mo ako.

MITSA

I

Sa araw na ito, akin ang mikropono
ang bersong ito, ang gitara't silindro.
Akin ang entablado. Ang palakpak
at halakhak. Ang sandaling katahimikan.

Akin ang inumin, ang pulutan.

II

Ang araw na ito, akin.
Ang sala-salabid na lubid
ng pag-asa't pangamba, akin.
Ang kromatikong sonata ng pag-ibig, akin.
Ikaw na nahuli kong nakatitig
sa katimugan ng aking mukha, akin.
Kumakanta ang laksang mga bituin:

sana'y di kami malasing

III

Sa araw ding ito, inaalala nila
si Ernesto. Sinisikap mabuhay ng apoy
sa nakatirik na kandila, habang patuloy
na sinusuway ng hangin ang bilin ni Hemingway:

wag kang masyadong malambing

IV

Walang sinindihang anupaman sa aking kaarawan.
Ayaw kong may hinihipan. Ayaw kong pagpikit
ng mahinang liwanag, palakpakan.

V

“Ilang taon na lang
mamamatay ka na”
kantiyaw ng itim na mitsa
ng gamit nang kandila
sa puntod ng makata.

BERSO LIBRE, O HINDI LAHAT NG LIBRE, MAPAGPALAYA

halimbawa,

libre lang ang nagkalat na karunungan sa paligid. tumingala, libreng langit.
libre lang ang makinig at maantig sa awit ng paghihimagsik. libre kang makiawit.
libre kang makisiksik sa pila ng mga panatiko't deboto. dalawampung piso
ang presyo ng isang ticket ng lotto. pero libre lang ang umasang manalo.

libre lang ang humimbing, humilik, gumising. libre lang ang mangarap nang gising.
libre lang ang balita at tsismis. sa lamayan, may libre pang kape at biskuwit.

magmahal man ang presyo ng tubig at kuryente, ang ulan at kidlat--laging libre.
butas man ang bulsa ng makatang pobre, tuloy lang ang berso libre sa pasahe.
libre lang ang magmasid-masid. ang magpatumpik tumpik. ang humirit. ang mainip.
libre lang ang umibig. libre lang ang umulit. ang mainip. umibig. umulit. umibig.

subalit kailangang lumakad ang panaginip.
kailangang humakbang ang mga titik.
kailangang magningas ang pag-ibig.
kailangang sumiklab ang nagkakaisang tinig.

marami pa rin namang libre sa mundo.
subalit hangad ko'y lumayang totoo.